



## Lesson 2

# “YOU MUST BE BORN AGAIN”

*Juan 3:1-15*

**LAYUNIN:** Pagkatapos ng araling ito...

- Mauunawaan ninyo kung bakit kailangang ang isang tayo ay ipanganak na muli upang siya ay maligtas at kung ano ang kahulugan ng pagiging “born again.”*
- Pahahalagahan ninyo ang laki ng ginawa ng Diyos para sa atin nang baguhin niya ang ating puso upang tayo ay magtiwala kay Cristo.*
- Ipapanalangin ninyo ang inyong mga anak o mahal sa buhay na hindi pa tunay na “born again.”*

## PANIMULA

1. Kung tatanungin mo ang ibang tao, “Ano ang mas mahalaga: ang panlabas ng tao o ang panloob?”, ano kaya ang isasagot nila? Kung oobserbahan mo naman ang kanilang buhay ano sa tingin mo ang mas mahalaga sa kanila at bakit?

**Tulay sa Pag-aaral:** Maraming mga tao ang nagsasabing mas mahalaga ang panloob na kalagayan ng tao kaysa sa panlabas na anyo o katayuan sa buhay. Ngunit sa klase naman ng pamumuhay, kabaligtaran ang nakikita. Pati sa pakikipagrelasyon sa Diyos, inaakalang ang panlabas na pagsunod sa mga utos ng Diyos ay sapat upang maligtas. Ganyan ang paniniwala ng mga Fariseo sa panahon ni Jesus. Sa Juan 3:1-15, makikita natin na higit pa sa panlabas na pagbabago ang kailangan ng tao. [Basahin ang Juan 3:1-15.]

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 1-2. Sino si Nicodemo? Ano na ang pagkakilala niya kay Jesus? Bakit sa tingin mo hindi sapat ang pagkakilala ni Nicodemo kay Jesus?
3. Basahin ang verse 3. Bakit sa tingin mo ito ang sinabi ni Jesus sa kanya? Bakit ito ang kailangan niyang marinig? Tingnan din ang verses 6-7.
4. Ano ang kahulugan ng “ipanganak na muli” (na maaari ring isalin na “ipanganak mula sa itaas”)? Ikumpara ang pisikal na kapanganakan at espirituwal na kapanganakan. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba nito?

5. Basahin ang reaksiyon ni Nicodemo sa verse 4. Hindi ibig sabihin nito na mali ang pagkakaintindi niya sa sinabi ni Jesus. Mayroong siyang damdaming nais ipahiwatig dito dahil sa bigat ng binitiwang salita ni Jesus. Ano sa tingin mo ang damdaming ito?
6. Paano ipinaliwanag ni Jesus sa verse 5 ang pagiging “born again”? Kung ikukumpara ito sa Ezekiel 36:25-27, ano sa tingin mo ang “impact” nito kay Nicodemo at ano ang nais ipahiwatig dito ni Cristo?
7. Masasabi mo bang maraming tao na nagsasabing “born again Christians” sila ay hindi naman tunay na “born again”? Patunayan.
8. Sa verse 8, bakit ikinumpara ni Jesus ang pagkilos ng Espiritu sa taong naging “born again” sa pagkilos ng hangin? Ano ang epekto nito sa pagtingin natin sa napakalaking pagbabagong naranasan natin?
9. Ayon sa verses 9-12, paano ninyo isasalarawan ang nagiging tugon ni Nicodemo sa mga sinasabi ni Jesus? Ano ang solusyon dito ni Cristo, ayon sa verses 13-15?
10. Sa mga napag-usapan, anu-ano ang nakita ninyong itinuturo ni Cristo tungkol sa “new birth”? Isa-isahin.

## PAGSASABUHAY

10. Sama-samang pasalamatang ang Diyos sa laki ng ginawa niya upang tayo ay maligtas nang tayo ay naging “born again.” Maaring sabay-sabay na manalangin o kaya’y umawit ng “Amazing Grace.”
11. Ipanalangin din ang anak, asawa, o kaibigan na hindi pa born again. Hilingin ang makapangyarihang pagkilos ng Espiritu Santo sa puso nila.

### SA SUSUNOD?

- Isaulo ang Juan 3:3 at 3:7.
- Patuloy na ipanalangin ang mga anak o mahal sa buhay na hindi pa “born again.”